

MASUSING BANGHAY-ARALIN SA FILIPINO 11

Pamagat ng Paksang Aralin	Paglalaanang Oras	Inihanda ni
Pagsulong ng Wikang Pambansa	Isang (1) oras at tatlong (30) minuto	RODELYN A. FLORES

I. Layunin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Nababatid ang Pagsulong ng Wikang Pambansa.
2. Nakasusulat ng isang sanaysay ukol sa kahalagahan ng wika.
3. Napapahalagahan ang Kasaysayan ng Wikang Pambansa

II. Nilalaman

Paksa	References	Materials
Kasaysayan ng Pagsulong ng Wikang Pambansa	Talegon Jr., V.(2016), Daloy ng Wika: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Quezon City, Brilliant Creations Publishing , Inc.	Papel, balpen at larawan ni Manuel Quezon

III. Pamamaraan

A. Paghahanda

Gawaing Guro	Gawaing Mag-aaral
“Magandang Umaga sainyong lahat!” (Pangungunahan ng isang piling mag-aaral ang panalingin) (Pagtsetsek ng liban at hindi.) “Bago tayo dumako sa ating paksang aralin sa araw na ito? Maari	“Magandang Umaga rin po Binibing Flores!” (Panalangin) (Babanggitin ng mga mag-aaral ang mga liban sa klase)

ba banggitin sa klase natin kung ano nga ba ang ating naging paksa noong naaraan nating pagkikita?” “Magaling! Ano nga ba ang wika ayon sa inyong pagkakaalala?” “Tama! Ano pa?” “Mahusay! Masaya akong malaman na mayroon naiwan na aral sainyo sa ating nakaraang talakayan.”	“Ang atin pong paksang aralin noon nakaraang pagkikita ay ang kahulugan at katangin ng wika.” “Ang wika po ay instrumento sa ating komunikasyon.” “Ayon po kay Henry Gleason, ang Wika ay isang masistemang balangkas ng mga tunog na pinili at isinaayos sa paraang arbitraryo upang magamit sa komunikasyon ng mga taong nabibilang sa isang kultura.”
---	---

B. Pagganyak

Gawaing Guro	Gawaing Mag-aaral
---------------------	--------------------------

“Ngayon naman ay mayroong akong ipapakilala sainyo. Marahil ay kilala naman siya ng ilan sainyo” (Ipapakita ang larawan ni Manuel L. Quezon.) “Kilala niyo ba siya?”” “Tama!Magaling!Anong alam ninyo tungkol sa kanya?” “Mahusay! Ano pa ang inyong masasabi sa kanya? Sya rin ang ating Ama ng Wika. Ngayon ating sisiyatin kung ano nga ba ang Kasaysayan ng ating Wikang Pambansa. Handa na ba kayo?”	“Opo. Sya po si Manuel L. Quezon.” “Siya ang dati nating pangulo. “ Opo! “Ako po, yun po ang ating gagagmitin na wika. “
---	--

C. Paglalahad

Gawaing Guro	Gawaing Mag-aaral
Noong 189, ayon sa Saligang Batas ng Republika ng Biyak-na -Bato, ang wikang Tagalog ang magiging opisyal na wika ng Pilipinas. Ano ba ang ibig saibihin kapag sinabing opisyal? Tama! Salamat Ginoo. “Tama.Salamaat!” Ang opisyal na wikang ginagamit sa	“Kapag sinabi po na Wiksng Opisyal ito po yung Wika na dapat natin gamitin”

mga opisyal na transaksyon ng pamahalaan. Samantalang ang Wikang Pambansa ay tumutukoy sa wikang ginagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga mamamayan. Ang wikang opisyal ay limitado lamang sa mga tao nakauunawa nito katulad ng wikang Latin na siyang opsiyal na wika ng Simbahang Katoliko. Subalit maaari naman na ang isang opisyal na wika ay maging pambansang wika. “May alam ba kayong wikang banyaga na ginagamit magpaghanggang sa ngayon?” “Salamat. Ano pa? Mayroon pa ba?” “Noong 1935, base sa Saligang Batas ng 1935, ang Kongreso ay magpapatibay ng isang wikang pambansa na batay sa isa sa mga umiiral na katutubong wika, at hanggang hindi nagtatadhana ang batas, ang Ingles at Kastila ay patuloy na gagamiting mga wikang opisyal.” “Tama ka dyan. Ito’y dahil nga sa papanakop sa atin noon ng mga Kastila ay natuto ang ating mga ninuno ng Wikan Kastila. May alam ba kayong salitang Kastila ?” “Ang mga salitang tinidor at kubyertos ay Wikang Ingles. Ginagamit natin ito dahil sa nakasanayan na rin at katanggapan ng ating kultura. Gaya ng <i>computer</i> wala naman ito katumbas sa wikang	“Opo. Wikang Ingles po.” “Wala na po.” “Maam yung Lolo ko po. Marunong ka po silang magKastila.” “Wala po eh. “
---	---

Filipino. Nagkakaran lamang ito ng pagbabago sa pagbabaybay. Matatawag din itong katanggapan. Maliwanag ba?”

“1937: Itinatag ang Surian ng Wikang Pambansa (SWP) at inihayag ng Pangulong Manuel Quezon na Tagalog ang magiging batayan ng wikang pambansa.

Alinsunod sa Batas Komonwelt Blg. 184, itinatag ang Surian ng Wikang Pambansa “na mag-aaral ng mga diyalekto sa pangkalahatan para sa layuning magpaunlad at magpatibay ng isang pambansang wikang batay sa isa sa mga umiiral na wika.” Ang pagpili ng isang pambansang wika ay ibinatay sa “pagkaunlad ng estruktura, mekanismo, at panitikan na pawang tinatanggap at ginagamit ng malaking bilang ng mga Filipino.” Sa madali’t salita, Tagalog ang napili. At pinili ang Tagalog sa ilalim ng pamumuno ni Jaime C. de Veyra (Samar-Leyte), at kinabibilangan ng mga kasaping sina Santiago A. Fonacier (Ilokano), Filemon Sotto (Sebwano), Casimiro F. Perfecto (Bikol), Felix S. Salas Rodriguez (Panay), Hadji Butu (Moro), at Cecilio Lopez (Tagalog). Tampok sa pagpili ng Tagalog ang pagkilala rito “na ginagamit ito ng nakararaming bilang ng mga mamamayan, bukod pa ang mga kategorikong pananaw ng mga lokal na pahayagan, publikasyon, at manunulat.” Hindi nakaganap ng tungkulin si Sotto dahil sa kapansanan; samantalang si Butu ay namatay nang di-inaasahan.”

“1940: Ipinag-utos ang pagtuturo ng

“Aaaah. Oo nga po. Ganun pala yun Maam. Ngayon ko lang naisip na wala nga itong katumbas na salita sa tagalong.”

wikang pambansa sa lahat ng pampubliko at pribadong paaralan sa buong bansa.” “1946: Nagkabisa ang Batas Komonwelt Blg. 570 na nagproklama na ang wikang pambansa ay opisyal na tatawaging “Wikang Pambansang Pilipino” “Ano nga ulit nga ulit ang tawag sa wikang opsiyal noong 1946?” “1959: Upang paikliin ang mahabang taguring “Wikang Pambansang Pilipino” o “Wikang Pambansa Batay sa Tagalog” ibinaba ng Kalihim ng Edukasyon ang Kautusang Pangkagawaran Blg. 7 na nagsasabing ang wikang pambansa ay tatawagin nang “Pilipino”.” “1973: Nagtakda ang Saligang Batas ng 1973 at Batasang Pambansa ng panibagong wikang pambansa na papalit sa Pilipino at tinawag itong “Fiipino”.” “1987: Alinsunod sa kasalukuyang Saligang Batas ng 1987, ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino, na salig sa umiiral na mga wika ng bansa at sa iba pang mga wika.” “1991: Binuo ng Batas Republika Blg. 7104 ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) upang magsagawa ng mga pananaliksik para sa pagpapaunlad ng Filipino at preserbasyon ng iba pang wika sa bansa. “ “1521: Nang dumating ang mga Kastila, may sarili nang palatitikan ang ating mga ninuno – ang Alibata	“Ang tawag po sa ating wikang opisyal ay Wikang Pambansang Pilipino.”
---	--

o Baybayin na binubuo ng 14 na katinig at 3 patinig. Nang tayo’y masakop , pinalitan ito ng mga Kastila ng alpabetong Romano.”

“1940: Sa kanyang Balarila ng Wikang Pambansa, binuo ni Lope K Santos ang Abakada, na may 20 titik.
A b k d e g h l l m n ng o p r s t u w y.”

“1971: Halos kasabay ng pagbabago ng Saligang Batas noong 1973, pinagtibay ng SWP ang pinayamang alpabeto na binubuo ng 31 letra at nag-isyu ang Kalihim ng Edukasyon ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 194 noong 1976.”

“1987: Kaugnay ng muling pagpapalit ng Konstitusyon at pamahalaan, nagreporma ang SWP at nabuo ang sumusunod na alpabeto na may 28 letra: a b c d e f g h i j k l m n ñ ng o p q r s t u v w x y z.

“2001: Muling nagkaroon ng rebisyon sa alpabetong Filipino. Itinaguyod nito ang leksikal na pagpapayaman ng Filipino sa pamamagitan ng pagluluwag sa panghihiram ng salita at pagsasalin, karamihan mula sa Ingles at Kastila, gamit ang walong karagdagang letra ng alpabeto, ang mga letrang c, f, j, ñ, q, v, x, z. Oktubre 9, 2006 – sa kahilingan ng KWF, ang DepEd ay nagpalabas ng isang memorandum na pansamantalang nagpapatigil sa implementasyon ng “2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino”.”

“Agosto, 2007: Inilabas ng KWF ang

borador ng Ortograpiya ng Wikang Pambansa. Mayo 20, 2008: Inilabas ng KWF ang Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Pambansa.” “Bakit kailangan magkaroon ng isang Wikang Pambansa?” “Tama. Magaling! Para na rin iisa lamang ang wikang gagamitin sa transaksyon sa pamahalaan na kung saan nauunawaan ito ng lahat o ng nakararami. “ “Ngayon naman maghanda ng isang papel at balpen para sa isang maikling pagsasanay.”	“Para po sa akin, kaya po tayo dapat magkaroon ng Wikang Pambansa ay para po mayroong tayo identidad bilang isang bansa.” “Para po lubos tayong magkaitindihan.”
---	--

D. Aktibidad

Gawaing Guro	Student’s Activity
“Ngayon naman ay hahatiin ang klasea sa dalawang grupo para sa pangkatang gawain. Ang bawat	

grupo ay gagawa ng <i>fish bone diagram</i> para sa pagbubuuod ng Kasaysayan ng Wikang Pambansa. Ang bawat grupo ay magkakaroon ng sampung minuto (10) para sa preparasyon ng inyong pag-uulat at tatlo hanggang limang (3-5) para naman sa inyong pag-uulat. Naintindihan ba? “Maari na kayong magsimula.”	(Presetasyon ng bawat gurpo)
---	-------------------------------------

E. Pagbubuod

Gawaing Guro	Gawaing Mag-aaral
“Sa inyong palagay paano ang nagging pagsulong ng ating Wikang Pambansa?” ‘Hindi nagging madali ang pagpapaunlad ng wikang pambansa sa mga paaralan at maging sa opisyal nitong gamit sa iba’t ibang larangan.” “Kayo bilang mga susunod na henerasyong mamumuno sa ating bansa malaki anh inyong magagawa para sa ating bansa at para sa ating wika.	“Para po sa akin nagging isang malaking na hamon po para sa ating lahat na mga Pilipino lalo na po sa mga namuno para sa pagpapaunlad ng ating Wikang Pambansa.”

IV. Ebalwasyon

A. Ibigay ang mga sumusunod na kahulugan ng bawat daglat : (2 puntos kada numero)

1. KWF -
2. MTB -
3. SWP -
4. DepEd -
5. MLE -

B. Kilalanin at alamin ang tinutukoy sa bawat bilang. (10puntos)

1. Siya ang tinaguriang “Ama ng Wika”?
2. Ito ang unang palatiktikan na ginamit ng mga ninuno bago pa man dumating ang Kastila. Ito’y binubuo na 14 na katinig at 3 patinig.
3. Ito’y batas na nagproklama na ang wikang pambansa ay opisyal na tatawaging “Wikang Pambansang Pilipino”?
4. Kailan inilabas ng Komisyong ng Wikang Filipino ang Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Pambansa?
5. Ayon sa batas na ito ang ang Ingles at Kastila ay patuloy na gagamiting mga wikang opisyal.
6. Sino ang naglahad na ang wika ay isang masistemang balangkas ng mga tunog na pinili at isinaayos sa paraang arbitrario upang magamit sa komunikasyon ng mga taong nabibilang sa isang kultura?
7. Ito ang wika na maaaring gamitin sa anumang uri ng komunikasyon, lalo na sa anyong nakasulat, sa loob at labas ng alinmang sangay o ahensiya ng gobyerno.
8. Batas na nagsasaad na ang wikang Tagalog ang magiging opisyal na wika ng Pilipinas.
- 9-10 . Ano ang mga pangunahing wikang panturo o *medium of instruction* sa mataas na baitang sa Kurikulum na K to 12?

V. Takdang-Aralin

Basahin at unawaiin ang akda ni Rogelio Ordonez na “Wikang Nakabartolina”.

VI. Sanggunian

- Talegon Jr., V.(2016), Daloy ng Wika: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Quezon City, Brilliant Creations Publishing , Inc.
- Carpio, P. (2013), Komunikasyon sa Akademikong Filipino